Public Service Announcement

Ngayon ang Huling Araw para Magparehistro nang Malayuan para sa Maagang Pagboto

VAUGHAN, ON (Oct. 15, 2026) – Ngayon ang huling araw para sa mga karapat-dapat na botante ng Vaughan na mag-parehistro nang malayuan para bumoto online sa 2026 Halalang Munisipal !

Kapag nakarehistro ka na, makakatanggap ka ng PIN na kakailanganin mo para makaboto online sa panahon ng Maagang Pagboto, na magsasara sa **Linggo, Oktubre 18**, nang **11:59 p.m.**

Pagkatapos ngayon, maaari ka pa ring magparehistro para bumoto online sa panahon ng Maagang Pagboto sa pamamagitan ng pagbisita sa Setro ng Tulong sa mga Botante hanggang Linggo, Oktubre 18, nang 8 p.m. Pakitandaan na ang lokasyon ng Promenade Mall ay magsasara nang 6 p.m.

Mga Sentro ng Tulong sa mga Botante:

- **Vaughan City Hall** (2141 Major Mackenzie Dr.)
  - Oktubre 15 hanggang 18 mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
- **Al Palladini Community Centre** (9201 Islington Ave.)
  - Oktubre 15 hanggang 18 mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
- **Vellore Village Community Centre** (1 Villa Royale Ave.)
  - Oktubre 15 hanggang 18 mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
- **North Thornhill Community Centre** (300 Pleasant Ridge Ave.)
  - Oktubre 15 hanggang 18 mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
- **Promenade Mall** (1 Promenade Cir.)
  - Oktubre 15 hanggang 16 mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
  - Oktubre 17 mula 10 a.m. hanggang 6 p.m.
  - Oktubre 18 mula 11 a.m. hanggang 6 p.m.

Bago magparehistro para sa online na pagboto, ang mga botante ay dapat nang nasa**Listahan ng mga Botante**. Para tingnan ang iyong katayuan o mapasama sa Listahan ng mga Botante, bisitahin ang voterregistration.vaughan.ca.

Huwag nang maghintay pa – magparehistro na ngayon. Kailangan mo ng tulong sa pagpaparehistro? Panoorin angvideo na ito!

Public Service Announcement

Tatlong paraan para bumoto online

Kapag nakarehistro na, ang mga karapat-dapat na botante ay maaaring bumoto online:

- gamit ang mobile device, tablet o computer.
- sa isang kiosk ng pagboto sa internet sa isang lokasyon ng Pampublikong mga Aklatan ng Vaughan sa mga regular na oras ng negosyo.
- nang may tulong sa isang Sentro ng Tulong sa mga Botante.

Panoorin ang video na ito para malaman kung paano bumoto online.

Araw ng Pagboto

Ang Araw ng Pagboto ay sa **Lunes, Oktubre 26.** Ang mga botante ay maaaring bumoto nang personal sa kanilang nakatalagang lokasyon ng pagboto. Ang lahat ng karapat-dapat na botante ng Vaughan ay makakatanggap ng hiwalay na abiso na may impormasyon tungkol sa kanilang nakatalagang lokasyon.

Dapat ay nakatanggap ka na ng card ng impormasyon ng botante sa koreo na may mga detalye tungkol sa iyong nakatalagang lokasyon ng pagboto. Kung hindi ka nakatanggap ng card ng impormasyon ng botante, makipag-ugnayan sa Elections Vaughan sa elections@vaughan.ca o 905-832-2281, o hanapin **online** ang iyong **lokasyon ng pagboto**.

May mga tanong? Makipag-ugnayan sa Elections Vaughan sa elections@vaughan.ca, 905-832-2281 o bisitahin ang vaughan.ca/**elections**.

Para sa mga update at balita habang nangyayari ang mga ito, mag-subscribe sa Vaughan News at i-follow ang opisyal na mga channel ng kumpanya sa X, Facebook, Instagram at LinkedIn.

BASAHIN ANG PAHAYAG TUNGKOL SA SERBISYO PAMPUBLIKO NA ITO SA MGASUMUSUNOD NA WIKA

- Cantonese
- Farsi
- Hebrew
- Hindi
- Italian
- Mandarin
- Russian
- Spanish
- Tagalog
- Tamil

- Urdu
- Vietnamese

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis nalumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991,saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitnang York Region at ng Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA CONTACT: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca